Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## FILIPINO 1

# *Modyul 21*

## *Mga Huling Pagsubok Tungo sa Masayang Wakas*

# *Modyul 21*
# *Mga Huling Pagsubok*
# *Tungo sa Masayang Wakas*



## *Tungkol saan ang modyul na ito?*

Mahal kong estudyante, naniniwala ka ba sa sumpa? Na kapag sinuway mo ang magulang mo at isinumpa ka niya ay matutupad ang masamang kahilingan ng iyong magulang at gagapang kang parang ahas, kung ito ang sumpa niya sa iyo?

Tunghayan mo kung paanong napagtagumpayan ng magkasintahan ang lahat ng pagsubok, kabilang na ang sumpa ng isang ama, na kinailangan nilang pagdaanan bago sila nagtagumpay.

Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang ikaapat at huling bahagi ng koridong ***Ibong Adarna***. Natatandaan mo ba kung ano ang korido? Ang ***korido*** ay mahabang tulang pasalaysay tungkol sa mga pakikipagsapalarang hindi nagaganap sa tunay na buhay pero nabibigyang buhay ng mayamang imahinasyon.





## *Ano ang matututunan mo?*

Sa modyul na ito, inaasahang masusuri mo ang huling bahagi ng ***Ibong Adarna*** batay sa iba't ibang pananaw na pampanitikan. Narito ang mga tiyak na kasanayang inaasahang matatamo sa modyul:

1. Natutukoy ang:
   a. mga tiyak na imahe sa tulong ng mga tiyak na bahagi
   b. mga bahaging nagpapakita ng pananaw na feminista

2. Natutukoy sa tulong ng mga tiyak na bahagi ang
   - klasisismo ng akda
   - romantisismo ng akda



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo, kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot mo sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mng mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutuhan mo ang aralin. Kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Sa bahaging ito ng koridong ***Ibong Adarna***, nahaharap sa panibagong mga pagsubok sina Don Juan at Donya Maria. Malampasan kaya nila ang mga pagsubok na ito?

Nasa ibaba ang ilang tanong para mataya kung ano na ang alam mo sa ngayon kaugnay ng nilalaman ng modyul na ito.

Isulat ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

A. Punan ang mga patlang sa mga pangungusap. Piliin ang sagot sa mga salitang nasa loob ng panaklong. Isulat sa sagutang papel ang letra ng iyong sagot.

1. Nang magtanan sina Don Juan at Donya Maria, si Haring Salermo ay nagkasakit at _______ (a. gumaling b. namatay c. nagpatawad sa dalawa)

2. Isinumpa ni Haring Salermo na makalilimot kay Donya Maria si Don Juan at ang prinsipe ay _________ (a. sa ibang babae ikakasal b. magpapari na lamang c. lilisan sa Berbanya)

3. Inilagak muna ni Don Juan si Maria sa isang nayon at siya lamang ang umuwi sa palasyo upang __________(a. ihanda ang marangal na pagsalubong sa prinsesa b. tuluyang iwan ang prinsesa c. sa ibang babae magpakasal).

4. Kabilin-bilinan ni Donya Maria sa prinsipe na iwasang malapit sa sino mang babae, maging sa kanyang sariling _____ (a. kapatid na babae b. pinsang babae c. ina)

5. Nakalimot si Don Juan kay Donya Maria dahil pagdating niya sa palasyo ay agad siyang sinalubong ng kanyang _______ (a. ina b. dating kasintahan c. kapatid na babae)

6. Dumating sa palasyo si Maria na nakabihis na tulad ng isang ______ (a. pulubi b. alipin c. emperatris)

7. Upang ipaalala kay Don Juan ang pangako sa prinsesa, si Donya Maria ay nagpalabas ng dayalog na ginampanan ng dalawang _____ (a. ita b. prinsipe c. hari)

8. Bilang paghihiganti, binuksan ni Donya Maria ang dalang prasko, ibinuhos ang laman nito at ang palasyo ay ___________ (a. pinagbaha b. tinangay ng ipu-ipo c. sinunog)

9. Sa wakas, si Don Juan ay ikinasal kay ________ (a. Juana b. Leonora c. Maria).

10. Isinalin ni Haring Fernando ang korona at setro ng Berbanya kay ______ (a. Don Pedro b. Don Diego c. Don Juan)

B. Basahin ang mga saknong sa ibaba at isulat sa iyong sagutang papel ang taludtod o linyang nagtataglay ng isang imahe o larawang nabubuo sa pamamagitan ng salita.

**1433** Hindi nila nababatid
na sa nayo'y may ligalig
ito'y apoy na sasapit
sa palasyong nagtatalik.

**1463** O, Pagsintang nakalimot
nabasag na parang bubog,
salaminin mo mang taos
larawan mo'y di tumagos.

**1435** Ang pangakong babalikan
nang araw ding magpaalam,
inabot ng tatlong araw
pangako'y bulang natunaw.

C. Isulat ang **T** kung ***tama*** ang pangungusap at **M** naman kung ***mali***.

a. Ang imahe ay larawang nabubuo sa isip ng mambabasa sa pamamagitan ng mga salita.
b. Ang imahe ay maaaring maganda at maaari rin namang hindi.
c. Ang feminismo sa panitikan ay nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng mga kababaihan.
d. Ang mga feminista ay laging nagpapahayag ng galit sa mga kalalakihan.
e. Ang koridong Ibong Adarna, na sinulat mahigit 200 taon na ang nakalilipas, ay di maaaring lapatan ng makabagong pananaw na pampanitikan.
f. Sina Leonora at Donya Maria ay mga tauhang babae na nagpakita ng tatag ng paninindigan at kakayahang makipaglaban para sa kanilang mga karapatan.
g. Ang mga taludtod na ito ay nagpapamalas ng kahinaan ng loob:
pag ang tao'y laging duwag/kakaning-itik ang labas (S1438 T3-4)

D. Marami kang mababasang di kapani-paniwalang pangyayari sa ***Ibong Adarna.*** Ito'y isa mga mga katangiang ***romantik*** ng akda. Tukuyin kung totoo o likha lamang ng imahinasyon ang mga bagay/pangyayari na nakatala sa ibaba. Isulat sa iyong sagutang papel ang **T** kung totoo; **DT** naman ang isulat kung di totoo.

1. serpyenteng may pitong ulo
2. pagtadtad sa prinsesa upang maging maliliit na isda
3. pagpatag sa bundok sa isang magdamag lamang
4. tubig na nakagagaling ng mga pasa at baling buto
5. pagbaha sa kaharian dahil sa tubig mula sa prasko
6. mga itang nakasilid sa prasko
7. pagsumpa ng magulang sa anak
8. pagsasabi ng babae kung sino ang gusto niyang pakasalan
9. pagpigil sa kasal dahil may dumating na panauhin
10. paglimot ng lalaki sa babaeng pinangakuan ng pag-ibig
11. pagmamahal ng mga nasasakupan kina Don Juan at Donya Maria
12. nagsipanaw na'y "buhay rin sa kaharian" (S1716 T2)

E. Ang ***romantisismo*** bilang pananaw na pampanitikan ay nagbibigay-halaga sa iba't ibang damdaming nakalahad sa akda. Tukuyin ang damdaming nakasaad sa mga taludtod: Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng iyong sagot.

1. nang marinig yaong sinta'y/hinimatay na sa saya (S1405 T3-4)
    a. kaligayahan b. pag-ibig c. galit
2. Sa palasyo'y anong saya/lahat doon ay masigla (S1432 T1-2)
    a. galit b. lungkot c. kaligayahan
3. "Aruy ko!" yaong daing (S1494 T1)
    a. sakit c. hinagpis c. saya

4 Pinatugtog ang musikang/himig-himutok ng tao (S1505 T1)
    a. kasayahan b. kalungkutan c. poot

5. Pinagdimlan ang Prinsesa't )S1667 T1)
6. sa sarili'y nagbabagang/ganito ang parirala (S1662 T3-4)
    a. poot o galit b. kalungkutanc. kaligayahan
7. ang sa puso ay may sugat (S1460 T3)
    a. poot o galit b. kalungkutan c. pagdaramdam
8. Si Don Jua'y napahindig/nang maramdaman ang sakit (S1538 T1-2)
    a. sakit b. dalamhati c. galit

F. Ang ***klasisismo*** ay nagbibigay-tuon sa pagkamarangal ng tauhan. Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga kaisipang nagpapakita ng pagkamarangal ng tauhan, Tukuyin ang kaisipang nakalahad sa mga taludtod. Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng iyong sagot.

1. Anak ko man at suwail/ang marapat ay itakwil (S1429 T1-2)
    a. kahit sariling anak ay dapat parusahan kung nagkasala
    b. di dapat parusahan nagkasala man kung anak ng hari
2. pagkat isang kataksilang/… ang sumpa ko'y talikuran (S1417 T2 & 4)
    a. tama lamang talikuran ang sumpa
    b. kataksilan ang di pagtupad sa sumpa
3. Tunay kaming magkapatid/ang magtalo'y lubhang pangit (S1674 T1-2)
    a. tama lamang sa magkakapatid ang magtalo
    b. hindi magandang magtalo ang magkapatid
4. O, pagsinta na ang lakas/kalabanin ay kayhirap (S1656 T1-2)
    a. mahirap labanan ang pag-ibig
    b. dapat kalabanin ang pag-ibig
5. Kapwa kami may tungkuling/ang magulang ay susundin (S1676 T1-2
    a. may tungkulin ang anak na sundin ang magulang
    b. may tungkulin ang magulang na sundin ang anak

6. lalong katungkulan namin/kaharia'y patatagin (S1676 T3-4)
   a. dapat patatagin ng magkapatid ang kaharian
   b. walang sino mang may katungkulan sa pagpapatatag ng kaharian
7. Nasa aming mga anak/ang sa baya'y ilalakas (S1677 T1-2)
   a. nasa mga anak ang lakas ng bayan
   b. nasa lakas ng bayan ang kinabukasan ng anak
8. Anuman ang babalakin/mahinay na lilimiin (S1713 T1-2)
   a. ano mang balak ay pag-isipang mabuti
   b. ano mang balak ay mabagal na ipatupad

Kung tapos mo nang sagutan ito, kunin sa iyong guro ang ***Susi sa Pagwawasto***. Iwasto nang maayos at tapat ang iyong papel.

Ano ang nakuha mong marka? Kung nakakuha ka ng **43** pataas, di mo na kailangang pag-aralan ang modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

Pero kung wala pang 43 ang nasagutan mo nang tama, kailangan mo ang modyul na ito.

# *Mga Gawain sa Pagkatuto*

## Sub-Aralin 1

### Mga Imahe sa Akda

***Layunin***: Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang ikaw ay makatutukoy ng:

- mga tiyak na imahe sa tulong ng mga tiyak na bahagi
- mga bahaging nagpapakita ng pananaw na feminista

**Alamin**

Natatandaan mo pa ba kung ano ang mga pangyayari sa mga naunang bahagi ng ***Ibong Adarna***? Para maalala mo ang mga naunang pangyayari, narito ang buod ng naunang tatlong bahagi.

*Nagkasakit si Haring Fernando at ang tanging lunas ay ang awit ng*

*mahiwagang Ibong Adarna. Ang bunso, si Don Juan, ang nakahuli nito. Ngunit nagpakana sina Don Pedro at Don Diego, ang dalawang nakatatandang kapatid. Iniuwi nila ang ibon at iniwang lugmok si Don Juan. Nakauwi rin si Don Juan. Noon lamang umawit ang ibon. Gumaling ang hari. Gabi-gabi, halinhinang pinabantayan ng hari sa tatlong magkakapatid ang Ibong Adarna.*

*Isang gabi, pinawalan ni Don Pedro at ni Don Diego ang Ibong Adarna upang palitawing si Don Juan ang nagpabaya. Kusang lumisan si Don Juan upang mapagtakpan ang mga kapatid. Ipinahahanap ng hari si Don Juan kina Don Pedro at Don Diego. Masayang nagkita-kita ang tatlong magkakapatid sa kabundukan ng Armenya.*

*May nakita silang isang mahiwagang balon na napakalalim pero walang tubig. Sa pamamagitan ng lubid na nasa ibabaw ng balon, narating ni Don Juan ang kailaliman ng balon at iniligtas ang magkapatid na sina Juana at Leonora sa higante at serpyenteng may pitong ulo.*

*Muling nagpakana sina Don Pedro at Don Diego at iniwan nilang lugmok sa ilalim ng balon si Don Juan. Umuwi sa Berbanya ang dalawa kasama sina Juana at Leonora. Ikinasal si Juana kay Don Diego. Dinalaw ng Ibong Adarna si Don Juan at pinayuhang hanapin ang kapalaran sa Reyno de los Cristal. Natagpuan niya ang kaharian at napaibig si Prinsesa Maria kaya tinulungan siya nito upang malampasan ang mga pagsubok ni Haring Salermo. Iba't ibang pagsubok ngunit nagawang lahat sa tulong ng mahika blangka ng prinsesa. Sa bandang huli, nagtanan ang magkasintahan. Isinumpa sila ng hari na nagkasakit at namatay pagkaraan.*

Narito naman ang buod ng ikaapat at huling bahagi ng koridong ***Ibong Adarna***.

*Ligtas sa sakunang sumapit sa Berbanya sina Don Juan at Prinsesa Maria. Inilagak ni Don Juan ang prinsesa sa isang nayon upang maihanda muna ang marangal na pagtanggap sa prinsesa. Ngunit di nasunod ni Don Juan ang bilin ng prinsesa na iwasan ang sino mang babae, maging ang sarili niyang ina. Pagdating niya sa palasyo ay agad lumapit si Leonora at naupong kaagapay niya. Dahil dito'y nalimot ni Don Juan ang prinsesang inilagak sa nayon.*

*Itinakda ang kasal nina Don Juan at Leonora. Sa araw ng kasal, dumating si Prinsesa Maria at sa tulong ng dalawang ita ay isinalaysay ang mga pagsubok na iniatas ni Haring Salermo kay Don Juan, na nalampasang lahat ng prinsipe sa tulong ni Maria.*

*Nagsalaysay rin si Leonora ng pinagdaanan niyang pagtitiis sa loob ng pitong taong paghihintay kay Don Juan. Pinagbaha ni Maria ang palasyo. Noon sinabi ni*

*Don Juan na kay Maria siya pakakasal. Sabay na ikinasal sina Don Juan at Maria at sina Don Pedro at Leonora. Bumalik sa Reyno de los Cristal sina Don Juan at Prinsesa Maria upang mamuno roon. Si Don Pedro ang nagmana ng trono ng Berbanya.*

Ang ganda ng kwento, di ba? Sa bahaging ito'y mga pagsubok pa rin ang nakaharap nina Don Juan at Donya Maria. Kabilang na rito ang sumpa ng sariling ama ni Prinsesa Maria. Ano nga ang sumpang ito? Balikan natin:

**1369** "Itakwil ka't pabayaan
sa iba siya pakakasal,
ito'y siyang kabayaran
sa gawa mong kataksilan."

Ano bang kataksilan ang tinukoy ng hari? Ano pa kundi ang pagtatanan nilang dalawa ni Don Juan. Hinabol sila ng hari ngunit wala itong nagawa sa pambihirang kapangyarihan ng kanyang anak. Dahil sa galit, isinumpa ng hari ang kanyang anak.

Naniniwala ka bang natutupad ang sumpa ng magulang sa anak na sumuway sa kanyang kagustuhan? Sa kaso ni Donya Maria, waring nagkatotoo ang sumpa, dahil sa ibang babae naitakdang ikasal si Don Juan.

Sino ang babaeng ito? Tama ka kung si Leonora ang sagot mo.

Sino ba si Leonora? Sa ikalawang bahagi lumitaw ang tauhang ito. Siya ang dilag na natagpuan ni Don Juan sa palasyo sa ilalim ng balon. May bantay si Leonora na napatay ni Don Juan.

Sino o ano ang bantay na ito? Ang serpyenteng may pitong ulo, di ba?

Habang nakikipagsapalaran sa Reyno de los Cristal si Don Juan, matiyagang naghintay si Leonora sa Berbanya sa kanyang pagbabalik. Hindi pinansin ni Leonora ang panunuyo ni Don Pedro. Dalawang babae, kung gayon, ang nag-aagawan sa puso ng makisig na prinsipe. Unang naging kasintahan si Leonora. Marami namang ginawang tulong si Maria kay Don Juan. Sino sa palagay mo ang may higit na karapatan sa pagmamahal ng prinsipe?

Upang mas maibigan mo ang bahaging ito ng korido, basahin ang ilang piling saknong. Ipinasiya ni Don Juan na iwan sa nayon si Donya Maria upang makapaghanda ang palasyo ng marangal na pagsalubong na angkop sa isang prinsesa. Bakit kaya?

*Ngayon ba'y ganito rin ang pananaw?*

**1392** "Saka laking kababaan
ang hindi ka parangalan,
ang Berbanya'y malalagay

sa hamak na kalagayan.

**1393** “Ano na ang sasabihin
ng ama mo kung malining,
siyang galit na sa atin
ang pagsumpa’y sapin-sapin.

Nag-aalala rin si Don Juan sa sasabihin ng ama ni Maria. Tama lamang naman, di ba? Ito pa rin ang ama ng prinsesa, kahit pa gayon kalaki ang galit nito sa kanilang dalawa dahil sa ginawa nilang pagtatanan.

*Kailan daw babalik ang prinsipe?*

**1394** “Kaya, giliw, mayag ka nang
dito’y iwan muna kita,
pangako ko at umasang
mamaya ri’y kapiling ka.”

Napapayag din si Maria ngunit mayroon siyang hiniling:

**1396** “Hinihingi ko sa iyong
pagdating mo sa palasyo
iwasan sanang totoo
sa babae’y makitungo.

**1397** “Maging sa ina mong tunay
ang malapit ay iwasan,
mabigat ito, Don Juan,
ngunit siyang kailangan.”

Ang sagot ni Don Juan:

**1400** “Iwalay sa alaala’t
ako’y itangi sa iba,
sa buhay ko ay sino pa
kundi ikaw ang ligaya.”

Hindi raw siya tulad ng ibang lalaki na madaling makalimot. Pangako! Pangako! Matupad kaya?

Ano ang kabilin-bilinan ni Donya Maria kay Don Juan? Ang iwasan ang sino mang babae, pati na ang sarili niyang ina. Aling mga saknong ang nagsasaad nito? Tama. Ang S1396 at S1397.

Pero ano ang nangyari pagdating ni Don Juan sa Berbanya? Agad sumalubong si Leonora. Ano kaya ang ibubunga nito?

**1407** Lumapit na kay Don Juan
at umupong kaagapay,
nalimot ang kahihiyan

sa harap ng kapulungan.

Noong mga panahong iyon, hindi karaniwang nauuna pang lumapit sa lalaki ang isang babae. Labag ito sa kagandahang asal. Laging naghihintay ang babae na siyang lapitan ng lalaki. Ngunit iba si Leonora. Dahil sa tagal ng paghihintay at pagtitiis, pinangatwiranan niyang wala siyang dapat ikahiya. Ito ang isinasaad ng susunod na saknong.

**1408** Ang ginawang iyon niya,
hindi kagaspangan anya
pusong uhaw sa pagsinta,
ang hiya'y nalilimot na.

**1409** Si Leonora'y may matwid
gawin yaon kahit pangit,
ano nga't ang kanyang dibdib
ibibigay sa di ibig?

*Ilang taong naghintay si Leonora?*

**1410** Pitong taong nagbabata
maligtasan lamang niya
ang masaklap na pagsinta
ni Don Pedrong palamara.

Ano ngayon ang ginawa ni Leonora?

**1412** At noon na nagpahayag
na ang luha'y nalalaglag,
"Mahal na hari'y patawad,
sa gawa kong hindi dapat.

**1413** "Dinggin po ng kamahalan
yaring munti kong hinakdal,
kung mali o may katwiran,
hatol ninyo'y igagalang.

**1414** "Pagkat naririto na nga
ang sa puso ko po'y mutya,
panata kong di sinira'y
tapos na po alipala.

**1415** "Hiningi sa kamahalan
pitong taong pagbabanal,
pag-iwas po na makasal
sa hindi ko minamahal.

**1416** "Ngayon ko ipagtatapat

sa inyo po at sa lahat,
ang sa puso ko'y may hawak
si Don Juan, inyong anak.

**1417** "Dito ako pakakasal
pagkat isang kataksilang
hanggang langit isisigaw,
ang sumpa ko'y talikuran."

Napansin mo ba ang magalang na pananalita ni Leonora? Hindi nawaglit ang kanyang paggalang at pagkilala sa kapangyarihan ng hari.

Ngunit matatag ang pahayag niya kung kanino siya pakakasal. Kay Don Juan, hindi kay Don Pedro. Pumayag ang hari na makasal sina Leonora at Don Juan. Itinakda kaagad ang kasal.

Samantala, kumusta naman kaya ang dalagang inilagak sa nayon? Masama nga bang magalit ang isang babaeng nilimot? Ito ang nangyari kay Donya Maria nang malaman ang tungkol sa kasal..Agad siyang naghandang maghiganti. Ano ang ginawa niya? Humiling siya sa kanyang singsing ng kasuotan ng isang emperatris, gayon din ng karosang sasakyan niya. Sa mismong araw ng kasal, dumating siyang nagniningning sa ganda.

Ano ang ginawa ng hari nang makita si Donya Maria?

**1454** Sa gayo'y agad nag-atas
ang Hari't Reynang marilag
na, ang madla'y tumalatag
at humanda sa pagtanggap.

**1455** Pinigil muna ang kasal
sa dadalo'y alang-alang
ugali ng kamahalang
panauhi'y parangalan.

**1456** Sa palasyo ay lalo nang
nag-ibayo yaong sigla,
lumuklok si Donya Mariang
kasiping ng bunying Reyna.

Marangal na pagsalubong nga ang naganap, di ba? Isang pagsalubong na bagay sa isang emperatris. At kapiling pa ni Maria ang Reyna ng Berbanya.

Sinabi ni Donya Maria na naakit siyang dumalo sa kasalan upang bumati sa mga ikakasal. Habang nagsasalita ang panauhin, kanino kaya nakatutok ang kanyang mga mata?

**1460** Samantalang binibigkas
ang ganitong pangungusap,
ang sa puso ay may sugat
kay Don Juan nakamalas.

**1461** Dapwa't ito'y walang imik
nakatingi'y walang titig,
noon niya napag-isip
na limot na ang pag-ibig.

**1462** Wari'y hindi kakilala't
anong labo niyong mata,
titigan ma't dilatan pa'y
walang kibo't bulag tila.

Nakalimot na nga si Don Juan! Ni hindi na niya nakilala man lamang si Donya Maria. Naganap ang kinatakutan ng prinsesa. Nabihag na nga ng ibang babae ang mahal niya. Gayon man, hindi nagpahalata si Donya Maria. Magalang pa rin siyang nangusap.

**1468** "Marapatin kaya baga
ng bunying Hari at Reyna
isang laro'y ipakita
na handog ko sa kanila?"

Pinagbigyan naman siya ng hari. Kaya humiling na ang prinsesa sa kanyang singsing. Ano ang kanyang hiniling?

**1472** Isang prasko na may tubig
malaki at sakdal-dikit,
dito nama'y nakasilid
dalawang itang maliit.

**Linangin**

Naibigan mo ba ang mga saknong na binasa mo? Tiyak iyon, di ba? Bukod sa kapana-panabik ang mga pangyayari, naging buhay na buhay ang paglalarawan ng mga pangyayari at mga tauhan sa pamamagitan ng mga ***imahe***.

Ano ba ang imahe? Ito'y larawang nabubuo sa isip ng mambabasa sa pamamagitan ng mga salita.

Matukoy mo kaya ang imaheng nabubuo sa mga taludtod na may salungguhit?

**1398** “Ang hiling ko pag nilabag
asahan mong mawakawak
ang dangal ko’t yaring palad
sa basahan matutulad.”

Ano ba ang imaheng nabubuo kapag nabanggit ang salitang ***basahan***? Di ba ang basahan ay marumi at posibleng gulanit o sira-sira? Ito ang ginamit upang ilarawan ang kahahantungan ng dangal at palad ni Donya Maria sa sandaling hindi makatupad sa kanyang bilin si Don Juan.

Nakita mo ba ang bisa ang ganitong paglalarawan? Nakabuo ang makata ng imaheng mabisang nakapagpahayag ng masamang kapalarang aabutin ng prinsesa.

Pansinin mo naman ang kontrast sa mga imaheng nalikha sa dalawang saknong sa ibaba. Anong mga imahe ang nakita mo?

**1432** Sa palasyo’y anong saya
lahat doon ay masigla,
tiwala ang Hari’t Reynang
ang ulap ay naparam na.

**1433** Hindi nila nababatid
na sa nayo’y may ligalig
ito’y apoy na sasapit
sa palasyong nagtatalik.

Tama ka kung ang sagot mo ay ang imahe ng ***ulap*** (S1432 T4) at ***apoy*** (S1433 T3).

Ano ba ang imahe ng ulap? Di ba ang ulap ay tumatabing sa araw at sa buwan? Tumatakip sa liwanag, kung gayon. Kaya, kapag sinabing “ulap ay naparam na,” anong imahe ang nabubuo sa isip mo? Maliwanag na kalangitan, di ba? Kapag walang ulap, ibig sabihin ay maganda ang panahon. Wala nang problema, sa ibang salita.

Ano naman ang imaheng nabubuo kapag nabanggit ang apoy? Mainit ang apoy, di ba? Kaya ito ay iniuugnay sa matinding galit.

Nasaan ang apoy, ayon sa S1433? Nasa ***nayon*** ba ang sagot mo? Tama. Nasa nayong kinaroroonan ni Donya Maria. Galit na galit ang prinsesa nang malaman ang nakatakdang kasal ni Don Juan sa ibang babae. At ang apoy na ito ng kanyang galit ay dadalhin niya sa palasyo.

Ano ang nabuong damdamin ng mga imahe ng basahan, ulap at apoy? Hindi kanais-nais, di ba? Tingnan mo naman ang imaheng nalikha sa saknong sa ibaba:

**1441** Saka isang kasuutang
sa emperatris na tunay,
dikit ay makasisilaw
sa madlang nasa kasalan.

Binigyang pansin mo ba ang taludtod na may salungguhit? Sino ang inilalarawan dito? Tama ka, si Donya Maria. Ganyan siya kaganda. Nakasisilaw ang dikit (o ganda). Kanais-nais na imahe, di ba?

Malinaw na ba sa iyo ang tungkol sa imahe? Ang paglikha ng mga imahe upang magpahayag ng isang idea ay isang paraan ng makata upang pagandahin ang kanyang tula. Hindi ba mas buhay ang paglalarawan kung may mga imaheng nabubuo sa iyong isip?

Ngayon, ano naman ang pananaw na ***feminista*** sa panunuring pampanitikan? Ang ***feminismo*** ay isang kilusang nagsusulong ng kapakanan ng mga kababaihan at nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng mga karapatan ng tao, ano man ang kasarian.

May mga akdang pampanitikan na naglalarawan ng tauhang babae na may paninindigan at marunong makipaglaban para sa kanyang mga karapatan. May mga akda rin na nagbubunyag ng kaapihan ng mga kababaihan at nagmumulat sa mga mambabasa tungkol sa sitwasyong dapat mabago. Ang ganitong mga akda ay maaaring suriin batay sa pananaw na feminista.

Ang pananaw na feminista, samakatwid, ay nagsusuri sa panitikan batay sa mga tauhan at sitwasyong nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao, ano man ang kasarian.

Masasabing bago pa ang pananaw na feminista sa panunuring pampanitikan. Pero ang idea tungkol sa mga kababaihang matatag, may paninindigan at di api-apihan ay hindi na bago sa mga akdang pampanitikan.

Ito ang pinatutunayan sa paglalarawan ng tauhang si Leonora. Naroon pa rin ang kagandahang asal sa pagpili ng magalang at magandang pananalita. Ngunit si Leonora ay masasabing iba sa karaniwang babae ng kanyang panahon.

Bakit? Hindi ba, sumalubong siya agad kay Don Juan? Naupong kaagapay nito? Nilimot na kahiya-hiya ang gayon, nang mga panahong iyon? At siya pang nagsabi sa hari na ang prinsipe ang dahilan kung bakit siya namanata nang pitong taon, kung bakit tinanggihan niya ang pag-ibig ni Don Pedro?

May tatag ang kanyang pahayag: "Dito ako pakakasal" (S1417 T1), na ang tinutukoy ay si Don Juan.

**Gamitin**

Ngayon, handa ka na bang ilapat ang mga natutuhan mo? Basahin ang saknong sa ibaba. Bigyang pansin ang pariralang may salungguhit.

**1435** Ang pangakong babalikan
nang araw ding magpaalam,

inabot ng tatlong araw
<u>pangako'y bulang natunaw</u>.

Ano ang sinasabi ng taludtod na ito? Na hindi nakatupad si Don Juan sa pangakong babalikan niya si Donya Maria nang mismong araw na iwan niya ang prinsesa sa nayon. Ano ang nangyari sa pangako niya? ***Bulang natunaw***, di ba?

Ano ba ang imahe ng bula? Tama. Panandalian lamang. Kapag natunaw, ibig sabihin ay nawala na. Samakatwid, nakalimot sa pangako ang prinsipe. Ngunit sa halip na ito ang sabihin, lumikha ang makata ng imahe ng bula na saglit lamang at natutunaw na.

Kanais-nais ba ang imahe ng bula? Maaaring maganda sa unang tingin ngunit mabilis maglaho kaya ang epekto ay di kanais-nais. Ganito rin ba ang isinagot mo?

Suriin mo naman ang katauhan ni Donya Maria. Siya ba ang uri ng babaeng maaaring api-apihin at iwan na lamang sa isang sulok? Tama ka. Hindi gayon si Donya Maria. Sa ikatlong bahagi ng ***Ibong Adarna***, ipinamalas na niya ang tatag ng kalooban nang suwayin ang kagustuhan ng ama, sa ngalan ng pag-ibig. Ngayon, hindi siya papayag na maiwan sa dusa at ipaubaya sa ibang babae ang lalaking minamahal niya.

**Lagumin**

Malinaw na siguro sa iyo ang pagtukoy sa imahe at sa mga bahaging nagpapakita ng pananaw na feminista. Upang maging mas malinaw pa, narito ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin, na inilahad sa anyong Tanong at Sagot.

1. Ano ang ibig sabihin ng ***imahe***?

Ito ay larawang nabubuo sa isip ng mambabasa sa pamamagitan ng mga salita. Halimbawa, ang ***ulap na naparam na*** ay nakalilikha ng imahe ng maliwanag na kalangitan, na maaaring ipakahulugang nalutas na ang ano mang problema.

Ang imahe ay maaaring kanais-nais o di kanais-nais. Ano man ang dating nito sa mambabasa, ang larawang nabubuo ay nagbibigay-buhay sa ideang ibig ipahayag ng makata.

2. Ano ang pananaw na ***feminista*** sa panunuring pampanitikan?

Ang pananaw na feminista sa panunuring pampanitikan ay nagsusuri sa panitikan batay sa mga tauhan at sitwasyong nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao, ano man ang kasarian.

Ang mga akdang maaaring suriin batay sa pananaw na ito ay naglalarawan ng mga tauhang babae na matatag, may paninindigan, at marunong makipaglaban para sa kanilang mga karapatan.

Malinaw na ba ang mga pangunahing puntos ng Sub-Aralin 1? Kung gayon, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

1. Inilalarawan ng S1443-1445 si Donya Maria nang dumating ito sa palasyo ng Berbanya.

Tukuyin ang mga salitang lumilikha ng kanais-nais na imahe. Tukuyin din ang taludtod na nagsasaad nito. Magbigay ng maikling paliwanag tungkol sa imaheng nilikha sa mga taludtod na binanggit mo.

**1443** Si Donya Maria'y nagbihis
gayak niyang emperatris,
ganda sa matang tititig
Serafin mandin sa langit.

**1444** Sa karosa ay lumulan
naliligid ng utusan
sanghaya'y pagkakamalang
buwan sa lupa'y dumalaw.

**1445** Karosa't mga kabayong
maghahatid sa palasyo
sa malayo kung tingnan mo'y
yaong kay Venus de Milo.

2. Ipaliwanag ang imahe ng ***bubog*** sa saknong sa ibaba:

**1463** O, Pagsintang nakalimot
<u>nabasag na parang bubog</u>,
salaminin mo mang taos
larawan mo'y di tumagos.

3. Sagutin ang mga tanong:

a. Bakit iniwan ni Don Juan si Donya Maria sa nayon?
b. Ano ang hiniling ni Maria kay Don Juan?
c. Sino ang agad sumalubong kay Don Juan nang dumating ito sa palasyo?
d. Ilang taong naghintay si Leonora kay Don Juan?
e. Ano ang sinabi ni Leonora sa hari?
f. Kanino itinakdang ikasal si Don Juan?

g. Ano ang ginawa ni Donya Maria nang malaman ang nakatakdang kasal ni Don Juan sa ibang babae?
h. Ano ang ginawa ng hari nang dumating si Donya Maria?
i. Nakilala ba ni Don Juan si Donya Maria?
j. Ano ang pangkalahatang paksa ng bahaging ito ng korido?

4. Isulat ang **T** kung ***tama*** ang pangungusap at **M** naman kung ***mali***.

a. Ang imahe ay larawang nabubuo sa isip ng mambabasa sa pamamagitan ng mga salita.
b. Ang imahe ay dapat laging maging kanais-nais.
c. Ang pananaw na feminista sa panunuring pampanitikan ay nagsusuri sa panitikan batay sa mga tauhan at sitwasyong nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng mga kababaihan.
d. Ang mga feminista ay laging nagpapahayag ng galit sa mga kalalakihan.
e. Ang koridong Ibong Adarna ay di maaaring lapatan ng pananaw na feminista dahil sinulat ito noon pang bago nauso ang feminismo.
f. Sina Leonora at Donya Maria ay mga tauhang babae na nagpakita ng tatag ng paninindigan at kakayahang makipaglaban para sa kanilang mga karapatan.

Tama kaya ang mga sagot mo? Tama ka kung ganito:

**1.** S1443 T4: "Serafin mandin sa langit." Ang serafin ay munting anghel.
S1444 T4: "buwan sa lupa'y dumalaw." Nagbibigay-liwanag ang buwan, itinuturing na marikit na bagay.
S1445 T4: "yaong kay Venus de Milo." Ito ay estatwang itinuturing na napakaganda.

**2.** Inihambing ang pagsintang nakalimot sa bubog (o salaming nabasag). Ang bubog ay pagkaliliit na piraso ng salaming nabasag. Dito inihambing ang pagkalimot ni Don Juan – dahil maliliit ang piraso ng salamin, walang mabuong repleksyon ng sintang nilimot.

**3.** a. Upang ang palasyo ay makapaghanda muna ng marangal na pagsalubong kay Donya Maria.
b. Na iwasan ng prinsipe ang sino mang babae, maging ang ina niya.
c. Si Leonora.
d. Pitong taon.
e. Na kaya siya namanata ay upang maghintay kay Don Juan kaya dito siya pakakasal
f. Kay Leonora.
g. Naghanda ng paghihiganti. Dumating siya sa palasyo na nakasisilaw ang ganda.
h. Ipinatigil ang kasal upang parangalan muna ang panauhing dumating.
i. Hindi.
j. Pakikipaglaban sa pag-ibig nina Leonora at Maria.

**4**. a. T b. M c. T d. M e. M f. T

Kung nasagot mong tama ang lahat ng tanong, hindi mo na kailangang sagutan pa ang kasunod na bahagi, ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

1. Basahin ang saknong at sagutin ang mga tanong.

**1399** "O, Don Juan, aking kasi,
alaala ko'y malaki:
karaniwan sa lalaki
ang mabihag ng babae."

a. Sino kaya ang nagsasalita rito?
b. Ano ang dahilan ng pag-aalala ng nagsasalita?

**1438** Ang taksil ay magbabayad
kataksila'y mauutas,
pag ang tao'y laging duwag
kakaning-itik ang labas.

a. Sino ang taksil na tinutukoy?
b. Ano raw ang nangyayari sa isang duwag?

**1411** At ngayong ang hinihintay
narito na'y bakit naman
iibigin pang tumagal
ang kimkim na kahirapan.

a. Sino kaya ang tinutukoy sa saknong na ito?
b. Sabihin sa maikling pangungusap ang idea ng saknong.

Mga sagot:

S1399: a. Si Donya Maria.
b. Natatakot siyang baka mabihag ng ibang babae si Don Juan.

S1438: a. Si Don Juan.
b. Nagiging api-apihan (kakaning-itik)

S1411: a. Si Leonora
b. Matagal na siyang nagtiis kaya di na dapat pang palawigin ang pagtitiis na ito.

Sub-Aralin 2

## Klasisismo at Romantisismo ng Akda

***Layunin***: Pagkatapos ng sub-araling ito, inaasahang natutukoy mo sa tulong ng mga tiyak na bahagi ang

- klasisismo ng akda
- romantisismo ng akda

**Alamin**

Matatandaan na nagsimula na ang palabas ng dalawang ita mula sa prasko.

*Ano ang hawak ng negrita?*

**1475** Negrita ay may suplina
ang hawak na panghampas niya,
kung kumilos ay tila ba
isa siyang munting reyna.

Nagsayaw muna ang mga ita sa saliw ng masiglang tugtog bago sinimulan ang usapan, na nagpapaalala ng pinagdaanang mga pagsubok ni Don Juan.

Anu-anong mga pagsubok ito? Ito'y ang pagpatag sa bundok at pagtatanim at pag-aani ng trigo at paggawa ng tinapay mula sa trigong ito sa loob lamang ng magdamag, paghuli sa 12 negritong pinawalan sa karagatan mula sa prasko, ang paglilipat ng bundok sa tapat ng bintana ng hari, ang paggawa ng tanggulan sa bundok na ito.

Si Donya Maria ang gumawa ng lahat ng ito. Kapag hindi nagawa ang mga ito, tiyak na ipapapatay ng hari si Don Juan.

**1487** "Buhay niya'y itinaya
sampung karangalan pa nga
kung hindi sa kanyang gawa,
ang buhay mo ay nawala."

Sino itong nagtaya ng buhay at karangalan? Tama ka, si Prinsesa Maria nga.

Ano ang sagot ng negrito sa tanong? Na wala siyang naaalala. Kaya, ano ang ginawa ng negrita?

**1492** “Kung limot mo nang talaga’t
sa gunita ay wala na,
yaring hawak kong suplina
ang magpapaalaala.”
**1493** Ang negrito’y binigwasan
nang matindi sa katawan,
datapuwat ang nasakta’y
ang prinsipeng si Don Juan.

Kung ikaw si Don Juan, hindi ka rin kaya magtaka? Wala kang katabing sukat manakit sa iyo, pero bakit ikaw ang tinablan ng paghampas sa negrito? Gayon man, wala pa rin siyang naalala.

Nakapanood ka na ba ng pelikula o nakabasa kaya ng tungkol sa mga taong nagkakaroon ng amnesya? Ganyan ang nangyari kay Don Juan dahil di niya natupad ang bilin ni Donya Maria.

Ang paghahanap naman sa singsing ang binanggit ng negrita.

Paano nakuha ang singsing na nahulog sa dagat? Si Donya Maria ay tinadtad ni Don Juan upang bawat piraso ng kanyang laman ay maging munting isda na siyang maghahanap sa kailaliman ng karagatan. Sa kasamaang palad, hindi natupad ni Don Juan ang bilin ng prinsesa na huwag na huwag siyang matutulog. Nakatulog nang mahimbing ang prinsipe at hindi nakuha ang singsing sa isda.. Kaya kinailangang tadtaring muli ang prinsesa, at sa ikalawang pagkakataong ito, isang munting piraso ang tumalsik sa dagat. Dahil dito, nang muling maging tao ang prinsesa ay putol na ang kanyang kanang hintuturo.

**1537** “Alam mo ang lahat ng iyan?”
“Wala akong nalalaman.”
Negrito’y binalataya’t
ang Prinsipe ang nasaktan.

Nasaktan man, ano ang naging reaksyon ng prinsipe?

**1571** Nasaktan man ay wala ri’t
si Donya Maria’y di pansin,
sa mata niyang may paggiliw
kay Leonora nakatingin.

**1572** Negrita’y muling nangusap
pagalit na’t siyang wakas:
“Yamang limot na ng lahat
ikaw ngayo’y mauutas!”

Sa wakas, parang galing sa mahimbing na pagkakatulog, biglang nakaalala si Don Juan.

**1585** “Akong tunay ang may sala
kung sa aki’y may galit pa,
patawarin ako sinta’t
ulitin ko ay hindi na.”

**1586** Humarap sa kapulungan
at sa ama ay nagsaysay:
“Amang makapangyarihan,
dito ako pakakasal.”

Sa palagay mo, patatalo nang gayon lamang si Leonora? Tumayo siya at nagsalaysay:

- natagpuan ni Don Juan ang palasyo sa ilalim ng balon na tinitirhan ng magkapatid na Juana at Leonora
- napatay ng prinsipe ang higante at ang serpyenteng may pitong ulo na nagbabantay sa kanilang magkapatid
- umahon silang tatlo mula sa balon
- bumaba uli sa balon si Don Juan upang balikan ang singsing ni Leonora na naiwan niya sa palasyo
- pinatid ni Don Pedro ang lubid at iniwang bali-bali ang mga buto ni Don Juan

Paano nakaligtas ang prinsipe? Sa tulong ng lobo ni Leonora. Kumuha ito ng mahimalang tubig sa ilog at gumaling ang mga sugat at bali nang ipahid ang tubig sa katawan ng prinsipe.

Sa gulong ito, ano ang pasya ng hari?

**1620** Hari sa kanyang narinig
ay napoot at nahapis,
poot, sa mga balawis
hapis, sa nagpakasakit.

**1621** At noon di’y inilagda
ang hatol na magagawa:
Sa pangalan ng Bathala
ang nauna ang may pala!

*Sino ang pinili ng hari?*

**1622** Nagtindig si Donya Maria
na sa hari nakamata,
parang tinatanong niya
kung ang hatol ay tumpak na.

**1623** Nagsalita – “Pasintabi
sa tanang nangalilimpi,
ngayo’y hiling ko sa Haring
dinggin akong sumandali.

**1624** “Di ko ibig na puwingin
ang hatol ng Hari namin,
lamang yaring sasaysayin
ay baka magkapuwang din.

Nang ipaliwanag ni Maria na ang dulang itinanghal ng mga ita ay tungkol sa kanila ni Don Juan, ibig nang bawiin ng hari ang kanyang pasya. Kung ikaw ang nasa kalagayan niya, ano ang gagawin mo? Siya’y hari at di magandang bawiin pa ang nasabi na. Sang-ayon ka ba sa ganito – na di na mababawi ang pasya ng hari dahil siya’y hari?

**1629** Sa sarili ay nawaring
hatol niya’y tila mali,
sakali mang mababawi
di magawa’t siya’y Hari.

*Ano ang ginawa ng hari?*

**1630** Kaya’t nagwala nang kibo
sa maayos niyang upo,
nagkunwaring kinukuro
ang tumpak at hindi wasto.

**1631** Pagkabaklang di nalingid
sa Prinsesang nakatitig
kaya ito’y naghumindig,
sa tayo’t pagmamatuwid.

**1632** “Itong dula ay hindi ko
ginagawang patotoo,
kung nasambit ko man dito’y
bahagi ng pagtatalo.

**1633** “Haring mahal, ipatawad
sabihin kong itong batas,
kung minsan po’y nabubulag
sa paghatol ng di tumpak.

**1634** “Naririto ang patibay:
Sino baga si Don Juan?
Siya’t ako, sa langit ma’y
pag-ibig na magkaugnay!”

**1635** “Sa usapin po ng puso
hindi ngayon at nataho
ang una at huling tagpo
ang hatol ay di na liko!

**1636** “Kung inyo pong titimbangin

ang hirap ko't hirap namin,
gaano na ang nadating
ng natapos na dumaing?"

Sino nga ba ang mas nagsakripisyo? Si Leonora o si Maria? Dagdag pa ng huli:

**1655** "Ako'y naging isang taksil
at sa ama'y nagsuwail
dahil lamang sa paggiliw
kay Don Juang papatayin.

**1656** "O, pagsinta na ang lakas
kalabanin ay kayhirap,
pag ikaw na ang bumihag
hahamakin na ang lahat!"

Ayon kay Maria, hinamak na niya ang lahat alang-alang sa pag-iibigan nila ni Don Juan. Maging sarili niyang ama ay nagawa niyang pagtaksilan. Sino, sa palagay mo, ang dapat magkamit ng pag-ibig ni Don Juan?

Maging ang hari ay hindi makapagpasiya, kaya humingi ng payo sa Arsobispo. Ngunit tulad ng hari, ang pasya ng Arsobispo ay bigyan ng lugod ang nauna. At ito ay si Leonora. Siya ang unang nakilala ni Don Juan, ang unang niligawan at unang naging kasintahan.

Tama ba ito? Na ang pasya ay ibatay sa kung sino ang nauna, hindi sa kung sino ang higit na nagpakasakit? O kung sino ang higit na karapat-dapat? Ano sa palagay mo? Ano nga ba ang sukatan ng pagmamahal?

Nabanggit nang matapang at di paaapi si Donya Maria. Kaya ano ang ginawa niya?

**1667** Pinagdimlan ang Prinsesa't
sa galit na nagbabaga
nawala ang awa niya't
ang higanti'y ginawa na.

**1668** Ang tubig sa kanyang prasko'y
ibinuhos sa palasyo,
bumaha sa buong reyno't
nasindak ang mga tao.

**1669** Nang ang madla ay hindi na
maliligtas sa parusa,
nakiusap kapagdaka
si Don Juan sa prinsesa.

**1670** "Maglubag na, aking giliw,

sa galit mong kinikimkim,
kahit ano ang marating
ako'y iyo't ikaw'y akin."

**1671** Arsobispo ay hinarap
at ganito ang pahayag:
"O, Pontipiseng mataas,
kay Donya Maria'y mahabag.

*Sino ang tunay na mahal ni Don Juan?*

**1672** "Ngayon ko na po bubuksan
ang laman ng kalooban,
si Donya Maria ang tunay
sa puso ko'y minamahal.

**1673** "Kung tunay mang si Leonora'y
nahandugan ng pagsinta,
ngunit di ko mababatang
kay Don Pedro'y malayo pa.

**1674** "Tunay kaming magkapatid
ang magtalo'y lubhang pangit,
lalo pa nga't sa pag-ibig
hindi dapat magkagalit.

*Sang-ayon ka ba rito?*

**1675** "Maging siya ang makasal
kay Leonora'y karangalan
si Leonora'y isang banal
marapat sa pagmamahal.

**1676** "Kapwa kami may tungkuling
ang magulang ay susundin,
lalong katungkulan namin
kaharia'y patatagin.

**1677** "Nasa aming mga anak
ang sa baya'y ilalakas,
isang bayang may bagabag
kabuhaya'y walang tiyak.

**1678** "Leonora, iyong abutin
ang singsing mong nasa akin,
salamat ko'y sapin-sapi't
ako'y iyong binuhay rin."

*Ito ang singsing na binalikan ni Don Juan sa balon*

Ano na ngayon ang pasya ng hari?

**1681** Hari'y agad nagpasiyang

si Don Pedro't si Leonora
pag-isahing kasabay na
ni Don Jua't Donya Maria.

**1682** Sa pasiyang inilagda,
si Donya Maria'y natuwa,
si Leonora nama'y walang
naging tutol ni bahagya.

Ano sa palagay mo kung bakit hindi na tumutol pa si Leonora? Tama ka. Marahil, dahil nagsalita na si Don Juan kung sino ang tunay niyang minamahal.

Sino ito? Walang iba  kundi si Donya Maria, di ba?

Kung ikaw ang nasa katayuan ni Leonora, igigiit mo pa ba ang sarili?

**1685** Isinabay na rin dito
ang hangad ni Don Fernando
na ang korona at setro'y
isalin sa haring bago.

**1686** Yari na sa kaloobang
bunsong anak ang salinan
yamang siyang minamahal
at marapat pamanahan.

**1687** Datapwat si Donya Maria
ay nagkusang nagpauna
na nagsabing bayaan nang
si Don Pedro ang magmana.

**1688** "May sarili si Don Juan,"
aniya sa kanyang biyenan,
"kami po ay hinihintay
sa kay amang kaharian."

Di ba karaniwang sa panganay na anak ipinamamana ang kaharian? Tila may paboritismo ang hari, di ba?

Ngunit may katwiran naman sigurong higit niyang mahalin ang bunso. Bakit kaya? Bukod sa likas na mabait at matulungin si Don Juan, si Don Pedro ay nagpakana laban sa bunsong kapatid. Nakagawa siya ng kasalanan, at sa sarili pang kapatid. Maaaring ito'y bunga ng inggit, na bunga ng paboritismo ng ama.

Ano man ang dahilan, si Don Juan ay sadyang mapagpatawad sa kapatid.

Si Don Pedro na nga ang tinanghal na hari ng Berbanya. Samantala, umuwi na sa Reyno de los Cristal sina Don Juan at Donya Maria.

*Kapani-paniwala ba ito?*

**1694** Sa pag-uwi ng dalawa'y
mayro'ng dapat ipagtaka,
layong yaong di mataya
sa isang oras nakuha.

**1695** Dinatnan ang kaharia'y
nasa ibang mga kamay,
ang kapatid at magulang
ay wala na't nagsipanaw.

**1696** Gayon pa ma'y walang gulo't
mapayapa rin ang reyno,
ang tauhan sa palasyo
ay wala ring pagtatalo.

**1697** Ang lahat na'y kumilala
sa nagbalik na Prinsesa,
kung ang hari'y yumao na
sila naman ay may Reyna.

Naging huwaran sa pamumuno ang dalawa.

**1716** Malaon nang nagsipanaw
buhay rin sa kaharian,
bayan nilang nagmamahal
sa tuwina'y mayro'ng dasal.

**1717** Ito na ang siyang wakas
ng korido kong sinulat,
sa kataga kung may linsad
ang hingi ko ay patawad.

At dito na nagwawakas ang korido.

**Linangin**

Tiyak, nagustuhan mo ang kababasa mo pa lamang na mga saknong, tulad din ng pagkagusto mo sa naunang mga bahagi ng koridong ito. Kahanga-hanga namang talaga ang mayamang imahinasyon ng lumikha ng ***Ibong Adarna***. Ikaw, kaya mo rin bang mag-isip ng ganitong kagila-gilalas na mga pangyayari?

Ang isang akdang pampanitikan ay mabibigyang pagpapakahulugan sa iba't ibang pananaw. Ito ay batay na rin sa mga sangkap na taglay ng akda mismo. Halimbawa, sa Sub-Aralin 1 ay natukoy mo ang ilang bahagi ng koridong ito na maaaring suriin batay sa pananaw na feminista. Anong bahagi ito? Ang mga tauhan, di ba? Ang mga tauhang babae, sina Leonora at Maria, ay kapwa may paninindigan at marunong makipaglaban para sa kanilang mga karapatan.

Angkop sa ganitong uri ng tauhan ang feministang pananaw upang mabigyan ng wastong interpretasyon ang kanilang mga kilos at saloobin. Sa Sub-Aralin 1 din, tinukoy mo at napahalagahan ang masining na paggamit ng makata ng mga imahe o mga larawang nabubuo sa pamamagitan ng mga salita.

May iba pang mga pampanitikang pananaw na mailalapat sa koridong ***Ibong Adarna***. Ano kaya ang mga ito? Maaari itong suriin batay sa mga katangian ***klasikal*** at ***romantik.***

***Klasikal*** at ***romantik. Klasisismo*** at ***romantisismo.***

Dalawang magkaibang pampanitikang pananaw. Posible kayang matagpuan sa isang akda ang mga katangian kapwa ng klasisismo at romantisismo, magkaiba man ang dalaang pananaw na ito? Posible, bakit hindi?

May iba't ibang sangkap o elemento ang isang akda. Maaaring suriin ang mga ito batay sa iba't ibang pananaw. Nasa ibaba ang mga sangkap na ito:

- Tauhan
- Tagpuan
- Banghay at mga pangyayari
- Diyalogo

Sino ba ang mga tauhan? Di ba, mga hari at reyna, prinsipe at prinsesa. Mga taong mahal at tinitingala sa lipunan, sapagkat sila ang namumuno sa isang lugar.

Ang tagpuan – o ang lugar at panahon kung kailan naganap ang mga pangyayari sa isang akda? Malayong lugar, di ba, isang lugar na maaaring likha lamang ng mayamang imahinasyon.

Nasaan ba ang Berbanya? Ang Armenya? Ang Reyno de los Cristal? Tunog-Kastila ang mga pangalan at maaaring mga lugar na malayo sa Pilipinas. Ang panahon naman ay noong mga ilang dantaon na ang nakalilipas.

Tungkol naman sa diyalogo o mga usapan, napansin mo ba ang lenggwaheng ginamit ng mga tauhan? Di ba laging magalang ang kanilang mga pananalita? Pino at elegante ang lenggwahe. Hindi sila gumagamit ng mga salitang balbal o mga salitang kalye. Hindi nagmumura kahit nagagalit. Sa pamamagitan ng diyalogo, masisilip mo ang uri ng pagkatao ng tauhan.

At ang mga pangyayari naman – kapani-paniwala ba? Nangyayari ba sa tunay na buhay? O nagaganap lamang sa mayamang imahinasyon?

Alin sa mga ito ang saklaw ng klasisismo? Ang maayos na banghay, mga tauhang hari at reyna, prinsipe at prinsesa, eleganteng lenggwahe – ang mga ito ay katangian ng akdang klasikal.

Ang romantik naman? Hindi simpleng pag-iibigan, o romansa, ang paksa ng akdang romantik. Maraming sangkap ang akdang naimpluwensyahan ng pananaw na ito, ngunit ang pagtutuunan lamang natin ng pansin ay ang mga di kapani-paniwalang pangyayari na imposibleng maganap sa tunay na buhay.

Di ba ang maraming pangyayari sa korido ay di maaaring maganap sa tunay na buhay? Makapagbibigay ka ba ng mga halimbawa? Marami. Sa bawat bahagi ng korido ay pawang mga di kapani-paniwalang pangyayari iang inilahad.

Halimbawa, ang pagpatag sa bundok sa loob ng magdamag lamang ay imposibleng maganap sa tunay na buhay. Gayon din ang paglilipat ng bundok sa loob lamang ng magdamag ay imposible ring mangyari, di ba?

Isang buwang nilakbay ni Don Juan ang landas patungo sa Reyno de los Cristal, sakay ng isang agila, na walang tigil na lumipad hanggang makarating sa kaharian.

Posible ba itong mangyari? Ngunit pag-uwi nila ni Maria, isang oras lamang at nakarating na sila sa kaharian.

Aling saknong ang nagsasaad nito? Tama ka, ang S1694. Balikan mo ang saknong na ito. Maging ang makata ay umamin na kataka-taka ang pangyayaring ito.

May ilang nagsasabi na waring pagtakas sa katotohanan ang ganitong mga pangyayari dahil malayo sa realidad ng buhay. Ang mga di kapani-paniwalang pangyayari, imposible mang magkatotoo, ay patunay ng mayamang imahinasyon ng may-akda. Ngunit di ito dapat tingnan bilang simpleng pagtakas sa katotohanan. Ang mga kagila-gilalas na pangyayaring ito ang daluyan ng katotohanang unibersal, kagandahan ng buhay sa kabila ng mga pagsubok, at kabutihang puso ng mga tauhan.

Ito ang bahaging nagpapakita ng katotohanan, kagandahan at kabutihan.

Masasabi mo ba sa isang pangungusap ang paksa ng bahaging ito ng korido? Tama. Pag-ibig at mga pagsubok, na pawang napagtagumpayan sa bandang huli.

Ang banghay naman – ito ang maayos na pagkakahanay ng mga pangyayari. May sinusundang banghay ang akda. Maayos ang pagkakaugnay ng simula at wakas.

Ang huling saknong ay nagsasaad ng ganito:

**1717** Ito na ang siyang wakas
ng korido kong sinulat,
sa kataga kung may linsad
ang hingi ko ay patawad.

Mapagpakumbaba ang tono ng makata. Humihingi ng tawad sakali mang may pagkukulang sa sinulat niya. Paano naman nagsimula ang korido? Di ba sa isang panawagan sa Birhen, paghingi ng patnubay upang maging wasto ang kanyang akda. Balikan ang unang saknong:

**1** O Birheng kaibig-ibig
Ina naming nasa langit,
liwanagin yaring isip
nang sa layo'y di malihis.

Sinundan ito ng paglalahad ng suliranin – ito'y ang paghanap sa ibon, na tanging makalulunas sa amang maysakit. Sinundan ng paghahanap sa ibon, at sa iba pang mga pakikipagsapalaran, na sa bandang huli ay natapos sa isang masayang wakas.

Masasabi mo ba sa isang pangungusap ang paksa ng bahaging ito ng korido? Tama. Pag-ibig at mga pagsubok, na pawang napagtagumpayan sa bandang huli tungo sa masayang wakas. .

Ngayon, upang mailapat ang pananaw na klasisismo sa ***Ibong Adarna***, ito ang inaasahang maisasagawa mo:

- Nabibigyang halaga ang kaayusan ng banghay sa pamamagitan ng pagtukoy sa kaugnayan ng simula at wakas
- Nasusuri ang pagkamarangal ng mga tauhan sa tulong ng mga tiyak na diyalogo
- Napipili ang mga bahaging nagpapakita ng kagandahan, katotohanan at kabutihan
- Nasusuri ang akda batay sa pagkaunibersal nito

Samantala, paano mo naman ilalapat ang romantisismo sa akdang pinag-aaralan? Kailangan namang maisagawa mo ang mga sumusunod:

- Naiisa-isa ang mga bahaging nagpapakita ng mga di kapani-paniwalang pangyayari
- Natutukoy ang iba't ibang damdaming nakapaloob sa akda

Para bang mahirap? Hindi mahirap iyan. Madali lamang basta't sundan mo ang bawat bahagi ng sub-aralin.

**Gamitin**

Handa ka na bang ilapat ang mga natutuhan mo?

Basahin ang saknong sa ibaba. Ito ang pangungusap ng hari nang malaman niyang pinatid nina Don Pedro at Don Diego ang lubid na kinakapitan ni Don Juan, kaya ang huli ay nabulid sa balon at nagkabali-bali ang mga buto.

**1429** "Anak ko man ay suwail
ang marapat ay itakwil,

kasamaang pausbungin
sa bayan ay pagtataksil."

Ano ang kaisipang ipinahayag ng hari? Sinabi niyang anak man niya, siya na pinakamataas na puno ng kaharian, ay dapat ding parusahan kung nagkasala. Ganito rin ba ang nasa isip mo? Tama ka, kung gayon.

Anong magandang katangian ang ipinamamalas ng pananalitang ito? Tama ka kung ang sagot mo ay ang pagkamarangal ng hari.

Ganito naman talaga ang dapat asahan sa matataas na pinuno, di ba?

Sa buhay natin sa ngayon, di ba ganito ang inaasahan ng mga mamamayan sa matataas na pinuno ng gobyerno?

Ang katapatan sa isang sumpa ang ipinapahayag naman ni Leonora sa saknong sa ibaba, partikular sa mga taludtod na may salungguhit:

**1417** "Dito ako pakakasal
pagkat isang kataksilang
hanggang langit isisigaw,
ang sumpa ko'y talikuran."

Samakatwid, sa pamamagitan ng kanilang mga pananalita ay naipahayag ang pagkamarangal ng ilang tauhan sa korido.

Ang pagmamahal at pagmamalasakit sa kapatid ay ipinahayag naman ni Don Juan nang sabihin niyang:

*Tunay kaming magkapatid/ang magtalo'y lubhang pangit* (S1674 T1-2)

Lubusan niyang ipinauubaya na si Leonora sa kapatid na si Don Pedro, at kinalimutan na ang nagawa nito sa kanya. Idinagdag pa niya:

*Nasa aming mga anak/ang sa baya'y ilalakas* (S1677 T1-2)

Di ba lutang na lutang ang pagkamarangal ng pagkatao ni Don Juan sa mga taludtod na iyan?

Bigyang pansin mo naman ang mga damdaming nakapaloob sa ilang piling saknong.

*nang marinig yaong sinta'y/hinimatay na sa saya* (S1405 T3-4)

Anong damdamin ang ipinapahayag sa dalawang taludtod na ito? Di ba matinding kaligayahan? Ito'y si Leonora nang malamang dumating si Don Juan makaraan ang pitong taon.

Ano namang damdamin ang ipinapahayag sa saknong na ito?

*"Aruy ko!" yaong daing* (S1494 T1)

Di ba matinding sakit naman ang damdaming ipinahayag sa saknong? Ito'y si Don Juan nang balatayan ng negrita ang negrito, na si Don Juan ang nakaramdam ng sakit. Kung baga'y pagpapatotoo sa kasabihang "hampas sa kalabaw, sa kabayo ang latay."

Ito naman:

*Pinatugtog ang musikang/himig-himutok ng tao* (S1505 T1)

Ano ba ang ibig sabihin ng *himutok*? Ito ay daing, buntunghininga. Kalungkutan, samakatwid, ang damdaming ipinapahayag ng taludtod.

**Lagumin**

Malinaw na ba sa iyo ang nilalaman ng sub-araling ito? Upang maging mas malinaw pa, narito ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin:

1. Upang mailapat ang pananaw na klasisismo sa pagsusuri ng Ibong Adarna, kailangang
    - bigyang halaga ang kaayusan ng banghay sa pamamagitan ng pagtukoy sa kaugnayan ng simula at wakas
    - suriin ang pagkamarangal ng mga tauhan sa tulong ng mga tiyak na diyalogo
    - piliin ang mga bahaging nagpapakita ng kagandahan, katotohanan at kabutihan
    - suriin ang akda batay sa pagkaunibersal ng paksa

2. Mailalapat naman ang romantisismo sa pamamagitan ng:
    - pagtukoy sa mga bahaging nagpapakita ng mga di kapani-paniwalang pangyayari
    - pagtukoy sa iba't ibang damdaming nakapaloob sa akda

Ngayon, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

A. Alin sa mga pangyayaring ito ang nagsasaad ng kagandahan, katotohanan at kabutihan:

1. pagpatid ni Don Pedro sa lubid na kinakapitan ni Don Juan
2. di pagtalikod ni Leonora sa sumpaan nila ni Don Juan
3. pasya ng hari na parusahan, kahit pa anak niya, ang nagkasala

4. pakikipaglaban ni Leonora para sa kanyang pag-ibig
5. pakikipaglaban ni Maria para sa kanyang pag-ibig
6. makatarungang pamamahala nina Don Juan at Maria bilang hari't reyna

B. Tukuyin ang damdaming ipinapahayag sa mga taludtod:

1. Pinagdimlan ang Prinsesa't (S1667 T1)
   a. poot o galit b. kaligayahan c. panghihinayang
2. sa sarili'y nagbabagang/ganito ang parirala (S1662 T3-4)
   a. poot o galit b. kalungkutan c. kaligayahan
3. ang sa puso ay may sugat (S1460 T3)
   a. poot o galit b. kalungkutan c. pagdaramdam
4. Si Don Jua'y napahindig/nang maramdaman ang sakit (S1538 T1-2)
   a. sakit b. dalamhati c. galit
5. kalooban ay nabakla (S1628 T4)
   a. pagkagulat b. pagkabahala
6. kaya sila nang yumao/nagluksa ang buong reyno.(S1715 T3-4)
   a. kalungkutan b. kasayahan

C. Sagutin ang mga tanong
1. Sino ang mga nagsiganap sa dula-dulaang itinanghal ni Donya Maria?
2. Sino ang nasaktan nang hagupitin ng negrita ang negrito?
3. Ang ang ipinaalala ng dalawang ita sa kanilang dula-dulaan?
4. Bakit kay Leonora ibig ipakasal si Don Juan, at di kay Donya Maria?
5. Ano ang pasya ng arsobispo?
6. Anong higanti ang ginawa ni Donya Maria?
7. Sino ang tunay na mahal ni Don Juan?
8. Sa bandang huli, kanino ikinasal si Don Juan? Si Leonora?
9. Anong uri ng mga namumuno sina Don Juan at Maria?
10. Buhay pa ba ang dalawa sa pagwawakas ng korido?

Tama ang mga sagot mo kung ganito:

A. Mga bilang 2-6
B. 1. a 2. a 3. c 4. a 5. b 6. kalungkutan
C. 1. Isang negrita at isang negrito
2. Si Don Juan
3. Ang mga pagsubok ni Haring Salermo kay Don Juan, na pawang si Donya Maria ang nagsagawa.
4. Si Leonora ang nauna.
5. Kay Leonora ipakasal si Don Juan.
6. Pinagbaha niya ang kaharian
7. Si Donya Maria.
8. Kay Donya Maria. Kay Don Pedro.
9. Mabuti at makatarungan.
10. Patay na (ngunit buhay pa sa isip at puso ng mga nasakupan)

Kung tamang lahat ang sagot mo, hindi mo na kailangang sagutan ang ***Paunlarin***.

## Paunlarin

Isulat sa iyong sagutang papel ang salita mula sa taludtod na nagsasaad ng damdamin:

1. nang marinig yaong sinta'y/hinimatay na sa saya (S1405 T3-4)
2. Sa palasyo'y anong saya/lahat doon ay masigla (S1432 T1-2)
3. "Aruy ko!" yaong daing (S1494 T1)
4 Pinatugtog ang musikang/himig-himutok ng tao (S1505 T1)
5. Pinagdimlan ang Prinsesa't (S1667 T1)
6. sa sarili'y nagbabagang/ganito ang parirala (S1662 T3-4)
7. ang sa puso ay may sugat (S1460 T3)
8. Si Don Jua'y napahindig/nang maramdaman ang sakit (S1538 T1-2)
9. kaya sila nang yumao/nagluksa ang buong reyno (S1715 T3-4)

Tama ba ang mga sagot mo? Tama ka kung ganito:

| | | |
|---|---|---|
| 1. saya | 5. pinagdimlan | 9. nagluksa |
| 2. masigla | 6. nagbabagang | |
| 3. daing | 7. may sugat | |
| 4. himig-himutok | 8. sakit | |

## *Gaano ka na kahusay?*

A. Punan ang mga patlang sa mga pangungusap. Piliin ang sagot sa mga salitang nasa loob ng panaklong. Isulat lamang sa sagutang papel ang letra ng iyong sagot.

1. Nang magtanan sina Don Juan at Donya Maria, si Haring Salermo ay nagkasakit at _______ (a. gumaling b. namatay c. nagpatawad sa dalawa)

2. Isinumpa ni Haring Salermo na makalilimot kay Donya Maria si Don Juan at ang prinsipe ay _________ (a. sa ibang babae ikakasal b. magpapari na lamang c. lilisan sa Berbanya)

3. Inilagak muna ni Don Juan si Maria sa isang nayon at siya lamang ang umuwi sa palasyo upang __________(a. ihanda ang marangal na pagsalubong sa prinsesa b. tuluyang iwan ang prinsesa c. sa ibang babae magpakasal).

4. Kabilin-bilinan ni Donya Maria sa prinsipe na iwasang malapit sa sino mang babae, maging sa kanyang sariling _____ (a. kapatid na babae b. pinsang babae c. ina)

5. Nakalimot si Don Juan kay Donya Maria dahil pagdating niya sa palasyo ay agad siyang sinalubong ng kanyang _______ (a. ina   b. dating kasintahan    c. kapatid na babae)

6. Dumating sa palasyo si Maria na nakabihis na tulad ng isang ______ (a. pulubi    b. alipin    c. emperatris)

7. Upang ipaalala kay Don Juan ang pangako sa prinsesa, si Donya Maria ay nagpalabas ng dayalog na ginampanan ng dalawang _____ (a. ita    b. prinsipe    c. hari)

8. Bilang paghihiganti, binuksan ni Donya Maria ang dalang prasko, ibinuhos ang laman nito at ang palasyo ay ___________ (a. pinagbaha    b. tinangay ng ipu-ipo   c. sinunog)

9. Sa wakas, si Don Juan ay ikinasal kay ________ (a. Juana   b. Leonora    c. Maria).

10. Isinalin ni Haring Fernando ang korona at setro ng Berbanya kay ______ (a. Don Pedro    b. Don Diego    c. Don Juan)

B. Basahin ang mga saknong sa ibaba at isulat sa iyong sagutang papel ang taludtod o linyang nagtataglay ng isang ***imahe*** o larawang nabubuo sa pamamagitan ng salita.

**1433** Hindi nila nababatid
na sa nayo'y may ligalig
ito'y apoy na sasapit
sa palasyong nagtatalik.

**1463** O, Pagsintang nakalimot
nabasag na parang bubog,
salaminin mo mang taos
larawan mo'y di tumagos.

**1435** Ang pangakong babalikan
nang araw ding magpaalam,
inabot ng tatlong araw
pangako'y bulang natunaw.

C. Isulat ang **T** kung ***tama*** ang pangungusap at **M** naman kung ***mali***.

a. Ang imahe ay larawang nabubuo sa isip ng mambabasa sa pamamagitan ng mga salita.
b. Ang imahe ay maaaring maganda at maaari rin namang hindi.
c. Ang feminismo sa panitikan ay nagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng mga kababaihan.
d. Ang mga feminista ay laging nagpapahayag ng galit sa mga kalalakihan.
e. Ang koridong Ibong Adarna, na sinulat mahigit 200 taon na ang nakalilipas, ay di maaaring lapatan ng makabagong pananaw na pampanitikan.
f. Sina Leonora at Donya Maria ay mga tauhang babae na nagpakita ng tatag ng paninindigan

at kakayahang makipaglaban para sa kanilang mga karapatan.

g. Ang mga taludtod na ito ay nagpapamalas ng kahinaan ng loob:
pag ang tao'y laging duwag/kakaning-itik ang labas (S1438 T3-4)

D. Marami kang mababasang di kapani-paniwalang pangyayari sa ***Ibong Adarna.*** Ito'y isa mga mga katangiang ***romantik*** ng akda. Tukuyin kung totoo o likha lamang ng imahinasyon ang mga bagay/ pangyayari na nakatala sa ibaba. Isulat sa iyong sagutang papel ang **T** kung totoo; **DT** naman ang isulat kung di totoo.

1. serpyenteng may pitong ulo
2. pagtadtad sa prinsesa upang maging maliliit na isda
3. pagpatag sa bundok sa isang magdamag lamang
4. tubig na nakagagaling ng mga pasa at baling buto
5. pagbaha sa kaharian dahil sa tubig mula sa prasko
6. mga itang nakasilid sa prasko
7. pagsumpa ng magulang sa anak
8. pagsasabi ng babae kung sino ang gusto niyang pakasalan
9. pagpigil sa kasal dahil may dumating na panauhin
10. paglimot ng lalaki sa babaeng pinangakuan ng pag-ibig
11. pagmamahal ng mga nasasakupan kina Don Juan at Donya Maria
12. nagsipanaw na'y "buhay rin sa kaharian" (S1716 T2)

E. Ang ***romantisismo*** bilang pananaw na pampanitikan ay nagbibigay-halaga sa iba't ibang damdaming nakalahad sa akda. Tukuyin ang damdaming nakasaad sa mga taludtod: Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng iyong sagot.

1. nang marinig yaong sinta'y/hinimatay na sa saya (S1405 T3-4)
   a. kaligayahan b. pag-ibig c. galit

2. Sa palasyo'y anong saya/lahat doon ay masigla (S1432 T1-2)
   a. galit b. lungkot c. kaligayahan

3. "Aruy ko!" yaong daing (S1494 T1)
   a. sakit c. hinagpis c. saya

4 Pinatugtog ang musikang/himig-himutok ng tao (S1505 T1)
   a. kasayahan b. kalungkutan c. poot

5. Pinagdimlan ang Prinsesa't (S1667 T1)
   a. poot o galit b. kaligayahan c. panghihinayang

6. sa sarili'y nagbabagang/ganito ang parirala (S1662 T3-4)
   a. poot o galit b. kalungkutan c. kaligayahan

7. ang sa puso ay may sugat (S1460 T3)
   a. poot o galit b. kalungkutan c. pagdaramdam

8. Si Don Jua'y napahindig/nang maramdaman ang sakit (S1538 T1-2)

a. sakit b. dalamhati c. galit

F. Ang ***klasisismo*** ay nagbibigay-tuon sa pagkamarangal ng tauhan. Nasa ibaba ang ilang halimbawa ng mga kaisipang nagpapakita ng pagkamarangal ng tauhan.Tukuyin ang kaisipang nakalahad sa mga taludtod. Isulat sa sagutang papel ang letra lamang ng iyong sagot.

1. Anak ko man at suwail/ang marapat ay itakwil (S1429 T1-2)
   a. kahit sariling anak ay dapat parusahan kung nagkasala
   b. di dapat parusahan nagkasala man kung anak ng hari
2. pagkat isang kataksilang/… ang sumpa ko'y talikuran (S1417 T2 & 4)
   a. tama lamang talikuran ang sumpa
   b. kataksilan ang di pagtupad sa sumpa
3. Tunay kaming magkapatid/ang magtalo'y lubhang pangit (S1674 T1-2)
   a. tama lamang sa magkakapatid ang magtalo
   b. hindi magandang magtalo ang magkapatid
4. O, pagsinta na ang lakas/kalabanin ay kayhirap (S1656 T1-2)
   a. mahirap labanan ang pag-ibig
   b. dapat kalabanin ang pag-ibig
5. batas ng tao ay liko/sa mali ay anong amo't/sa tumpak ay lumalayo! (S1663 T2-4)
   a. ang batas ay kumakampi sa kamalian
   b. makatwiran ang batas
6. Kapwa kami may tungkuling/ang magulang ay susundin (S1676 T1-2
   a. may tungkulin ang anak na sundin ang magulang
   b. may tungkulin ang magulang na sundin ang anak
7. Nasa aming mga anak/ang sa baya'y ilalakas (S1677 T1-2)
   a. nasa mga anak ang lakas ng bayan
   b. nasa lakas ng bayan ang kinabukasan ng anak

***Mahal kong estudyante, maligayang bati sa iyo ngayong natapos mo na ang Modyul 24.***

***Mga Sanggunian***

Rodillo, Gregorio M. et al. 1998. Ibong Adarna: Isang Interpretasyon. Binagong Edisyon. Maynila: Rex Book Store.

Santillan-Castrence, Pura. 1940. Publikasyon Blg. 26 ng Surian ng Wikang Pambansa. Maynila: Surian ng Wikang Pambansa.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 24
Mga Huling Pagsubok
Tungo sa Masayang Wakas

***Ano na ba ang alam mo***

A.

| | |
|---|---|
| 1. b | 6. c |
| 2. a | 7. a |
| 3. a | 8. a |
| 4. c | 9. c |
| 5. b | 10. a |

B. S1433 T3: ito'y apoy na sasapit
S1463 T2: nabasag na parang bubog
S1435 T4: pangako'y bulang natunaw

C. a. T b. T c. M d. M e. M f. T g. M

D.

| | | |
|---|---|---|
| 1. DT | 6. DT | 11. T |
| 2. DT | 7. T | 12. T |
| 3. DT | 8. T | |
| 4. DT | 9. T | |
| 5. DT | 10. T | |

E.

| | |
|---|---|
| 1. a | 5. a |
| 2. c | 6. a |
| 3. a | 7. c |
| 4. b | 8. a |

F.

| | |
|---|---|
| 1. a | 5. a |
| 2. b | 6. a |
| 3. b | 7. a |
| 4. a | 8. a |